

Maaaring iligtas ng pagsusuri para sa kanser ang iyong buhay

1 sa 2 tao sa Ontario ay masusuring may kanser sa panahon ng kanilang buhay.

Ang pagsusuri para sa kanser ay nakatutulong para maagap na mahanap o matagpuan ang kanser kapag ito ay maliit at pinakanagagamot pa.

Ang mga taong walang primary care provider (doktor ng pamilya o rehistradong nars na practitioner) ay maaari pa ring makatanggap ng screening o pagsusuri sa kanser at libre ito kung mayroon kang Ontario Health Care (OHIP) card.

Kung mayroon kang pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga (primary care provider), maaari mo muna silang kontakin para i-book ang iyong (mga) pagsusuri. Kung wala kang primary care provider, pakitingnan sa ibaba ang iba pang mga paraan para makakuha o magkaroon ng access sa pagsusuri sa kanser. Ang impormasyon sa dokumentong ito ay kagandahang-loob ng Cancer Care Ontario.



Bisitahin ang isa sa aming mga Community Health & Information Fair (CHIFs) para magkaroon o mag-book ng iyong screening o pagsusuri sa kanser, at para makakuha ng higit pang impormasyon. Mag-click dito o i-scan ang QR code sa kanan para sa mga detalye sa paparating na mga CHIF.

Pagsusuri para sa kanser sa suso



- Ang kanser sa suso ay ang pinakakaraniwang kanser sa mga kababaihan
- Ang pagsusuri sa kanser sa suso ay karaniwang ginagawa sa pamamagitan ng mammogram (x-ray ng suso).

Sino ang kwalipikado para sa pagsusuri sa kanser sa suso?

- Para sa mga kababaihan o taong trans at nonbinary na may edad 50 hanggang 74 taon, ang mammogram ay inirekomenda bawat dalawang taon. Kwalipikado ka pa rin kung naaangkop ka sa pamantayan at ang iyong. Ang OHIP card ay nag-expire at hindi mo kailangan ng referral para sa ganitong uri ng pagsusuri sa kanser.
- Kung ikaw ay nasa mas mataas na panganib na magkaroon ng kanser sa suso dahil sa kasaysayan ng iyong pamilya/personal na kalusugan o nasuri na nagkaroon ng ilang partikular na pagbabago sa gene, maaari kang maging kwalipikado para sa mas maaga o karagdagang pagsusuri (testing) upang masuri para sa kanser sa suso. Mangyaring makipag-usap sa isang health care provider (doktor ng pamilya o rehistradong nars na practitioner) para malaman kung ikaw ay kwalipikado sa programa ng pagsusuri para sa nasa mas mataas na panganib.

Tawagan ang Ontario Breast Screening Program sa 1-800-668-9304 para mai-book ang iyong sariling appointment o i-scan ang QR code sa kanan.



Pagsusuri para sa kanser sa matris



- Ang kanser sa matris (cervical cancer) ay halos lubos na maiiwasan sa pamamagitan ng pagsusuri at maagang paggamot.
- Ginagawa ang pagsusuri para sa kanser sa matris sa pamamagitan ng Pap test, isang pagkolekta ng mga selula mula sa matris (cervix) – para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga Pap test, i-click dito o i-scan ang QR code sa kanan

Sino ang kwalipikado para sa pagsusuri sa kanser sa matris?

- Kung ikaw ay isang babae o taong trans/nonbinary na may matris, na may edad na 25 taong gulang at mas matanda, at naging aktibo sa pakikipagtalik, inirerekumenda na magkaroon ka ng Pap test tuwing tatlong taon.
- Ang regular na pagsusuri para sa kanser sa matris ay maaaring ihinto sa edad na 70 kung nagkaroon ka na ng 3 o higit pang normal na mga pagsusuri sa loob ng 10 taon.
- Kung naniniwala kang mayroon kang kondisyon na nakakakompromiso sa imunidad at/o umiinom ng gamot na nakakakompromiso sa imunidad, mangyaring makipag-usap o kumunsulta sa isang health care provider tungkol sa kung gaano ka kadalas dapat masuri.



Available o mayroong mga pap test bilang walk-in sa mga Community & Health Information Fair (CHIEFs). Ang mga pagsusuri ay pangangasiwaan o isasagawa ng mga babaeng propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan. Bilang kahalili, tawagan ang Health Connect Ontario sa 811 at magtanong ng lokal na klinika na nag-aalok ng mga Pap test o makipag-ugnayan sa iyong pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga (primary care provider).

Pagsusuri para sa kanser sa kolon at tumbong (colorectal)



- 9 sa 10 tao ay maaaring gumaling kung ang kanser sa kolon at tumbong (colorectal) ay maagang matagpuan.
- Ang pagsusuri sa kanser sa kolon ay ginagawa sa pamamagitan ng fecal immunochemical test (FIT), na mabilis, ligtas at walang sakit, at maaaring gawin sa bahay.

Sino ang kwalipikado para sa pagsusuri sa kanser sa kolon at tumbong (colorectal)?

- Kung wala kang kasaysayan sa pamilya ng ganitong uri ng kanser, lahat ng nasa pagitan ng edad na 50 hanggang 74 na taon ay dapat suriin para sa kanser sa kolon bawat dalawang taon gamit ang FIT. Sinusuri ng FIT ang iyong dumi (poop) para sa maliliit na dami ng dugo na maaaring sanhi ng kanser sa kolon at tumbong o ng polyp na maaaring maging kanser. Ang Rehistradong Nars na Practitioner sa Community & Health Information Fair (CHIF) ay maaaring mag-order ng pagsusuri (test) para sa iyo kung ikaw ay kwalipikado.
- Kung mayroon kang kasaysayan sa pamilya (direktang kamag-anak/ kapamilya) ng ganitong uri ng kanser, mangyaring makipag-usap sa isang health care provider o kung mayroon kang paulit-ulit at hindi nalulutas na mga alalahanin sa pagdurugo ng tumbong.

Bilang kahalili, kontakin ang iyong pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga (primary care provider) o tumawag sa 811 upang makakonekta sa isa sa mga ito o bisitahin ang: Health Care Connect o i-scan ang QR code sa kanan.

